## Ang taman pag kolekta nang dumi para sa Faecal Occult blood test (HOW TO COLLECT SAMPLES FOR A FAECAL OCCULT BLOOD TEST)

### Mga kakailanganin namin sa inyo:

- Kailanganin ng laboratoryo ang tatlong sampol ng inyong dumi sa magkakahiwalay na pag dudumi. Kung maaari, ito ay sa kalapit na mga oras.

### Papaano ihanda ang sarili bago magpasuri:

- Dapat kumain ng mga pagkain na mataas sa fiber sa loob ng dalawang araw bago at sa mismong araw ng pag kolekta ng dumi.
  - Mga pagkaing matataas sa fiber ay bran cereals, whole grain na tinapay, mani (nuts) at sariwang pinatuyong prutas.
- Bawal kumain ng karne sa loob ng dalawang araw bago at sa araw nang pagkokolekta ng ispesimen.
- Iwasan ang malunggay, pulang labanos, cauliflower, broccoli, turnip, parsnip at rock melon sa loob ng dalawang araw bago at sa mismong araw nang pag kokolekta ng ispesimen. Dahil ang mga ito ay nag lalaman ng enzyme na tinatawag na peroxidise, na makaka apekto sa resulta.
- Ang mataas na dose (>250 mg) ng vitamin C (ascorbic acid) ay nakakapag bigay ng maling negatibong resulta. Maari itong ihinto muna sa loob ng apat naput walong oras (48 hours) bago mag laan ng unang sampol o sa panahon nang pagkolekta.
- Mag ingat sa pag sipilyo upang maiwasan ang pag dugo ng iyong gilagid
- Kung maari, sundin ang payo ng inyong doktor na iwasan ang pag inom ng alak, aspirin at mga anti-inflammatory na gamot. Dahil ito ay maaring maging sanhi nang pag dudugo ng sikmura o makakapag bigay ng positibong resulta.

 © COPYRIGHT 2015 WELLINGTON SCL

Version: 1.0 | Amended Version: Nil | Author: Customer Liaison
Updated November 2016 | Amended On: Nil | Next Review Date: November 2017

**Ang taman pag kolekta nang dumi para sa Faecal Occult blood test**
**(HOW TO COLLECT SAMPLES FOR A FAECAL OCCULT BLOOD TEST)**

**Paano kumuha ng dumi para sa pagsusuri:**

- Kumuha ng lalagyan sa inyong doktor o sa pinaka malapit na Wellington SCL clinic.
- Siguraduhing walang ihi o tubig na mahahalo sa iyong dumi.
- Gamitin ang panandok na naka-kabit sa takip ng lalagyan, at mag kolekta ng dumi. hindi kailangang punuin ang lalagyan kalahati lang ang kailangan.
- Siguraduhing nasara ng maigi ang takip ng lalagyan at lagdaan ng iyong pangalan, petsa nang kapanganakan, oras at araw ng pag kolekta.
- Ilagay sa specimen bag ang ispesimen na nakolekta kasama ang request form na galing sa iyong doktor.
- Dalhin sa iyong doktor o sa pinakamalapit na Wellington SCL clinic.
  - Paalala: Maaring ilagay ang ispesimen sa refrigerator ng buong gabi.

**Mangyaring makipag-ugnay sa main laboratoryo para sa karagdagang impormasyon sa (04) 381 5900**

 © COPYRIGHT 2015 WELLINGTON SCL

Version: 1.0 | Amended Version: Nil | Author: Customer Liaison
Updated November 2016 | Amended On: Nil | Next Review Date: November 2017